Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/10

Mga sagot sa Pangungusap na Pasalaysay at Patanong

A. Gawing pangungusap na patanong ang bawat pangungusap na pasalaysay.

1. Susunduin tayo ni Tatay mamayang hapon. *Susunduin ba tayo ni Tatay mamayang hapon?/Si Tatay ba ang susundo sa atin mamayang hapon?*
2. Ginawa ko ang takdang-aralin sa Filipino.

   Ginawa mo ba ang takdang-aralin sa Filipino?
3. Si Manuel ang gumuhit ng magandang larawan.

   Si Manuel ba ang gumuhit ng magandang larawan?/Sino ang gumuhit ng magandang larawan?
4. Mahusay na mang-aawit si Lea Salonga.

   Mahusay na mang-aawit ba si Lea Salonga?
5. Handa na ang uniporme ko para bukas.

   Handa na ba ang uniporme mo para bukas?/Hinanda mo na ba ang uniporme mo para bukas?

B. Gawing pangungusap na pasalaysay ang bawat pangungusap na patanong.

1. Siya ba ang magiging guro natin?

   Siya ang magiging guro natin.
2. Bakit mukhang malungkot si Pepe?

   Mukhang malungkot si Pepe./Si Pepe ay mukhang malungkot.
3. Kay Pamela ba ang aklat na ito?

   Kay Pamela ang aklat na ito./Ang aklat na ito ay kay Pamela.
4. Naubos mo ba ang binaon mo na pagkain?

   Naubos ko ang binaon ko na pagkain./Ang binaon ko na pagkain ay naubos ko.
5. Malinis at maayos ba ang silid-aralan natin?

   Malinis at maayos ang silid-aralan natin./Ang silid-aralan natin ay malinis at maayos.